

# PIVOT<sup>4A</sup> LEARNER'S MATERIAL

## GRADE 3 - EsP



## QUARTER 3

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay finiyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material  
Ikatlong Markahan  
Ikalawang Edisyon, 2021

# Edukasyon sa Pagpapakatao Ikatlong Baitang

Job S. Zape, Jr.  
**PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead**

Imelda O. Solivet  
**Content Creator & Writer**

Philips T. Monterola & Philip D. Cruz  
**Internal Reviewer & Editor**

Fe M. Ong-ongowan, Rhodora B. Crisologo & Jhucel A. del Rosario  
**Layout Artist & Illustrators**

John Albert A. Rico & Melanie Mae N. Moreno  
**Graphic Artist & Cover Designer**

Ephraim L. Gibas  
**IT & Logistics**

Roy Rene Cagalingan, Komisyon sa Wikang Filipino  
**External Reviewer & Language Editor**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON  
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CALABARZON EsP G3


# Pagmamahal sa mga Kaugaliang Filipino

Aralin

## I

Maraming katangian ang maipagmamalaki ng isang batang Filipino na katulad mo. Aminin mo man ito o hindi, ang mga ito ay makikita sa iyo, sa iyong kapatid, sa iyong mga kaibigan, at sa iyong mga kalaro. Minsan ay hindi mo ito napapansin dahil iniisip mo na pangkaraniwan lamang ang mga ito.

May mga panahon na ikaw ay nakalilimot sa mga magagandang kaugalian. Kaya may mga nakatatanda na nagpapaalala sa kung ano ang dapat mong matutuhan at gawin. Ano-ano nga ba ang mga mabubuting kaugaliang **Filipino?** Pagmasdan at suriin ang mga larawan sa ibaba.



Sa araling ito, pag-aaralan mo ang pagpapamalas ng pag-unawa sa kahalagahan ng pananatili ng mga natatanging kaugaliang Filipino.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang ikaw ay makapagpapakita ng mga kaugaliang Filipino tulad ng pagmamano, paggamit ng "po" at "opo", at pagsunod sa tamang tagubilin ng mga nakatatanda.

# D

Patuloy mong gawin at mahalín ang mga kaugaliang Filipino na tunay ngang maipagmamalaki sa lahat ng sulok ng mundo. Halina't mag-aral at tuklasin ang iba pang mga kaugaliang Filipino.

Isipin mo ang mga bagay na iyong ginagawa na nagpapakita ng paggalang sa kapuwa lalo na sa mga matatanda.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Lagyan mo ng tsek (✓) sa bilang kung ito ay iyo nang nagagawa o naipakikita sa iba bilang paggalang. Lagyan mo naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_ 1. Nagmamano ako sa mga matatanda.
- \_\_\_ 2. Nagsasalita ako nang may “po” at “opo”.
- \_\_\_ 3. Nagpapaalam ako kapag may gusto akong hiramín sa iba.
- \_\_\_ 4. Malumanay akong nakikipag-usap kay ate at kuya.
- \_\_\_ 5. Humahalik ako sa pisngi ng aking mga magulang.
- \_\_\_ 6. Nagsasabi ako ng “salamat po”.
- \_\_\_ 7. Binabati ko ang mga bisita sa aming tahanan.
- \_\_\_ 8. Sumusunod ako sa mga tuntunin at utos sa aming tahanan.
- \_\_\_ 9. Nagsasabi ako ng “**excuse me**, po”.
- \_\_\_ 10. Nagsasabi ako ng “makikiraan po”.

Bilangin ang tsek na iyong nailagay. Kung mayroon kang pito (7) o higit pang tsek ay batiin mo ang iyong sarili sapagkat ito ay nagpapakita ng iyong mabuting ugali ng paggalang. Kung hindi mo naman namarkahan ng tsek ang lahat, huwag mag-alala dahil ang mga ito ay maaari mong matutuhan sa araling ito.

Basahin at unawain ang kuwento tungkol sa mabuting kaugaliang Filipino.

### **Ang Sinigang ni Papa**

ni Imelda O. Solivet



Ako si Hazel at ito ang aking kuwento tungkol kay Papa. Oo, magkukuwento ako tungkol kay Papa kasi ngayong gabi ang unang beses na nagluto siya ng ulam para sa hapunan.

Maaga siyang umuwi galing sa trabaho. Sinalubong ko siya upang kunin ang kaniyang kamay para magmano at binati ng magandang hapon.

Ibinigay niya sa akin ang kaniyang dala-dalang karne at gulay na lulutuin at iniutos niya na dalahin ko ito sa kusina. “Opo, sige po.” ang aking sagot. Pero dahil mabigat ito ay tinawag ko ang aking kapatid. “Ate, maari mo ba akong tulungan,” ang aking pakiusap. “Aba, oo naman,” ang malumanay niyang sagot sa akin at dali-dali kaming pumasok sa kusina. Nang ako ay nagpasalamat kay Ate ay napalingson ako kay Papa at nakita ko ang ngiti sa kaniyang mukha. “Bakit kaya siya masaya?” ang bigla kong naisip.



Sinimulan agad ni Papa ang pagluluto. Pinanood ko siya at ako ay naaliw dahil patuloy siyang nakangiti at pakanta-kanta pa. Kapag tinutulungan ko siya sa paghuhugas ng mga gulay ay lalo siyang napapangiti. Naku, lalo na nang tumulong din si Ate sa paglilinis ng kusina at paghahanda ng mga plato at baso sa mesa.

Maya-maya pa ay nagsimula na kaming maghapunan. Agad naming tinikman ang *sinigang* at laking gulat namin dahil hindi ito lasang *sinigang*. Kulang ito sa lasa at walang asim. Tumingin kami kay Papa at gusto kong sumimangot at magreklamo.

Gusto ko ring magalit dahil noon lang uli ako sana makakakain ng *sinigang* mula nang mamatay si Mama. Ang Papa ko ay hindi marunong magluto.

Hindi ko na ba kakainin ang paborito kong *sinigang* na niluto ni Papa? Siyempre kakainin ko pa rin. Naalala ko ang sinabi sa akin ni Mama noong nabubuhay pa siya. Mahalin at igalang ko si Papa at si Ate. Ang tagubilin sa bahay ay magtulungan at sundin ang mga matatanda. Dahil dito ay magiging masaya pa rin kami kahit wala na siya. Totoo nga, kahit walang lasa at asim ang *sinigang*, ito pa rin ang pinakamasarap na luto ni Papa. Hindi man siya marunong magluto ay masaya naman kami. Akin siyang mamahalin at igagalang hanggang sa kaniyang pagtanda.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Mula sa kuwentong iyong binasa, sagutin ang sumusunod na mga tanong. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng kuwento? \_\_\_\_\_
2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento? \_\_\_\_\_
3. Ano ang hindi nila nagustuhan sa *sinigang*? \_\_\_\_\_
4. Bakit ito pa rin ang pinakamasarap na *sinigang* para kay Hazel?  
\_\_\_\_\_
5. Paano ipinakita ni Hazel ang pagmamahal at paggalang sa kaniyang Ate? sa kaniyang Papa? \_\_\_\_\_

Ang mabuting kaugalian ng paggalang sa kapuwa lalo sa mga matatanda ay nagsisimula sa pamilya, sa loob ng tahanan. Kayong mga bata ay tinuturuan ng inyong mga magulang ng kabutihang-asal hindi lang dahil ito ay isang katangian ng mga Filipino kung di ito ay pagpapakita din ng pagmamahal sa isa't isa. Ito ang ipinahahayag ng kuwentong iyong binasa.

Narito ang mga kaugaliang tunay na nagpapakita nito:

1. **Pagmamano.** Ito ay isang tradisyon at natatanging kaugaliang



Filipino na kung saan ay binabati ng mga bata ang mga matatanda sa pamamagitan ng pagkuha ng kanilang kamay at paglalagay nito sa noo sabay bigkas ng “*mano po.*” Ang mga bata naman ay binabasbasan ng mga matatanda sa pagsasabi ng “*Kaawaan ka ng Diyos.*” Ikaw, ginagawa mo ba ang

pagmamano?

2. **Paggamit ng “po” at “opo”.** Ang paggamit nito ay isang tradisyon

at natatanging kaugaliang Filipino na kung saan ay nilalagyan ng “po” at “opo” ang mga salitang binibigkas sa tuwing sumasagot o nakikipag-usap lalo na sa mga matatanda. Kasabay nito ang malumanay na pagsasalita bilang tanda ng pagrespeto.



Kinagigiliwan ang isang bata na nagsasalita ng may “po” at “opo”. Ang paggalang ay ugaling nakapagpapasaya sa lahat.

3. **Pagsunod sa tamang tagubilin ng mga nakakatanda.** Isang



napakabuting kaugaliang Filipino ang pagsunod sa tamang tagabulin ng mga nakatatanda na kung saan ipinapakita ang pagtitiwala sa kanilang paggabay.


Ang pagsunod nang may kababaang-loob at sigla ay tanda ng tunay na paggalang at pagmamahal. Ugaliin ang

pagsunod. Kung hindi mo ito laging nagagawa ay simulan mo na ngayon. Hindi pa huli ang lahat at makikita mo ang sayang maibibigay mo sa iyong mga magulang at sa kaayusan ng iyong buhay at pag-aaral.



# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang larawan ay nagpapakita ng mabuting pag-uugali katulad ng paggalang sa kapuwa at nakatatanda. Lagyan mo naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Kopyahin ang talaan. Lagyan ng tsek (✓) kung gaano mo kadalas naipakikita ang iyong pagkamagalang sa kapuwa at sa mga nakatatanda. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Gawain	Palagi	Minsan	Hindi
1. Pagmamano			
2. Pagsasalita na may po at opo			
3. Pagsunod sa tamang tagubilin ng mga nakatatanda			
4. Pagsasalita o pakikipag-usap nang malumanay			
5. Pagsunod sa utos ng nakatatanda nang may sigla			
6. Pagpapaalam sa may-ari kung nais manghiram			

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Kopyahin ang talaan sa ibaba sa iyong sagutang papel. Pumili ng isang nakatatandang kasapi ng pamilya upang suriin kung sumusunod ka ba sa mga tamang tagubilin ng iyong mga magulang at mga nakatatanda sa inyong tahanan.

**Tagubilin sa Gabay:** Lagyan ng tsek (✓) kung gaano kadalas naisasagawa ng mag-aaral ang bawat sitwasyon. Pagkatapos ay isulat ang pangalan at lagda ng nagsuri.

Gawain	Palagi	Minsan	Hindi
1. Gumigising sa tamang oras.			
2. Kumakain ng gulay at masustansiyang pagkain.			
3. Pinapanatiling malinis ang katawan			
4. Nag-aaral nang mabuti.			
5. Naglalaro pagkatapos mag-aral.			
6. Tumutulong sa gawaing bahay.			

Pangalan at Lagda ng Nagsuri

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Iguhit ang hugis puso (♥) sa bilang na kung saan ang larawan ay nagpapakita ng batang nakapagsasalita nang may paggalang ayon sa kaniyang pahayag. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Nanay, pwede po ba akong maglaro pagkatapos ko pong

2. Tao po. Magandang araw po. Ako po si Justine. May ipinabibigay po si Nanay.

3. Hoy, hoy, Mamang mataba, anong kailangan mo? Si Ronny ako.

4. Lagi ninyo na lang tinatawag ang pangalan ko... Ruby, Ruby kayo diyan! Sinabi ko na nga na ayaw kong kumain.

Upang hindi mo makalimutan ang mabuting ugali ng isang batang Filipino, gawing palagian ang malumanay at may paggalang na pagsasalita at pagsasakilos .

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Basahin at unawain ang mga tanong sa **Kolum A**. Isulat ang iyong tugon sa mga tanong sa **Kolum B**. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Kolum A	Kolum B
1. Anak, kumain ka na ba?	
2. Ako ang iyong guro. Anong pangalan mo?	
3. Naku, nariyan na ang iyong lolo at lola. Anong sasabihin mo sa kanila?	
4. Anak, puwede mo bang tulongan na maglinis ang iyong kapatid?	
5. Anong dapat mong sabihin kung gusto mong magpaalam na lumabas ng bahay?	

**A**

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Isang magandang \_\_\_\_\_ ng mga Filipino ang pagbati sa mga \_\_\_\_\_ sa pamamagitan ng pagkuha ng kamay at pagdampi nito sa iyong noo. Ang tawag dito ay \_\_\_\_\_. Ito ay isang pagpapakita ng \_\_\_\_\_. Sa tuwing ikaw ay nakikipag-usap sa kanila ay ginagawa mo itong malumanay kasabay ng mga salitang may \_\_\_\_\_. Ito rin ay pagpapakita ng paggalang dahil sila ay \_\_\_\_\_ sa iyo.

“po” at “opo”	pagmamano	paggalang	n a -
katatanda tuntunin	pag-uugali	matatanda	

# Pagpapahayag ng Mabuting Pag-uugali ng mga Filipino

## Aralin



Natutuhan mo sa nakaraang aralin ang pagpapakita ng mga kaugaliang Filipino tulad ng mga pagmamano, paggamit ng “po” at “opo”, at pagsunod sa mga tagubilin ng mga nakatatanda.

Ngayon naman ay matutuhan mo ang mga tuntunin ng pamayanan o barangay kung saan naninirahan ang iyong pamilya hanggang sa mas malaki pang pamayanan, ang bansa. Matutuklasan mo ang kahalagahan nito sa iyong sarili, sa pamilya, at sa bawat taong nakapaligid sa iyo.

Pagmasdan mo ang larawan sa ibaba. Ito ay larawan ng isang maayos na pamayanan na may sinusunod na mga tuntunin. Bakit kaya may mga tuntunin sa pamayanan? Sa iyong palagay, mahalaga ba ang mga ito? Ano ang mangyayari kung walang ganito sa isang pamayanan?



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang ikaw ay makapagpapahayag na isang tanda ng mabuting pag-uugali ng mga Filipino ang pagsunod sa mga tuntunin ng pamayanan.

# D

Tingnan muna natin ang ibinigay na mga tuntunin ng iyong pamayanan o barangay ngayong pandemya. Narinig mo na ba ang mga ito?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Isulat ang salitang **PAMILYAR** kung ang tuntunin ay iyo nang narinig at ang salitang **DI-PAMILYAR** kung hindi. Ilagay ang sagot sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Magsuot ng **face mask** sa tuwing lalabas.
- \_\_\_\_\_ 2. Gawing madalas ang paghuhugas ng kamay.
- \_\_\_\_\_ 3. Tiyaking may **social distancing** lalo sa labas ng bahay.
- \_\_\_\_\_ 4. Iwasang maglagi sa mataong lugar.
- \_\_\_\_\_ 5. Panatilihin malinis ang loob at labas ng bahay.
- \_\_\_\_\_ 6. Tumawid sa tamang tawiran.
- \_\_\_\_\_ 7. Maging magalang sa mga opisyal ng pamahalaan tulad ng mayor, kapitan, pulis, at iba pa.



Narinig mo na ba at pamilyar ka ba sa lahat ng mga tuntuning nasa itaas? Kung oo, mabuti. Kung hindi naman, huwag mag-alala at marami pa tayong malalaman tungkol sa tuntunin ng ating pamayanan.

Narito ang kuwento tungkol sa Barangay Mabilis.

## **Ang Aming Barangay Mabilis**

ni Imelda O. Solivet

Dahil sa pandemya ng **COVID 19**, nakararanas ng hirap at sakripisyo ang lahat ng barangay dito sa ating bansa kabilang na ang aming barangay, ang Barangay Mabilis. Mabilis? Opo, kasi mabibilis ang mga tao dito sa hirap man o ginhawa. Gaano kami kabilis? Heto, simulan po natin sa aming kapitan. Kapitan Kidlat ang tawag sa kaniya! Naku, dahil sa **virus** na ito, agad pinatawag niya ang lahat ng aming kagawad at pati na ang mga tanod. Ang bilis po di ba? Hindi kami mabagal, Barangay Mabilis nga!




Mabilis ko kayong ipinatawag para magtutulong-tulong tayo upang labanan ang pandemya. Handa na ba kayo?

Siyempre, laging handa ang Barangay Mabilis. Pero hindi sa pagkakataong ito. Natatakot ang mga tao! Nalilito rin sila. Nagagalit na rin ang iba.

Natatakot kami!

Hindi puwedeng mabilis lang!

Anong gagawin natin?



Natatakot, nalilito, at nagagalit ang Barangay Mabilis! Paano na yan? Ano ang dapat gawin? Napaisip si Kapitan Kidlat at ito ang kaniyang sinabi.



Hindi maaring mabilis lang. Dapat maging maayos din. Pero paano?

Kaya naman tinanong niya ang lahat.

“Kailangan ba nating pag-usapan ang mga bagay na dapat sundin? Kailangan ba ng gabay sa kung ano ang dapat nating gawin? Kailangan ba ng malinaw na kasunduan ng pagtutulongan? Kailangan ba nating pagkaisahan kung ano ang dapat gawin?”

“Opo, kapitan!” ang sagot nilang lahat.

“Kung gayon, isa lang ang solusyon!” ang sabi ni kapitan.

“Ang kailangan natin ay mga tuntunin na dapat sundin. Tama ba ako, mga kabarangay?” ang sigaw din niya.



“Opo,” ang tugon naman ng lahat.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Batay sa kuwentong iyong binasa, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Bakit tinawag ang barangay na Barangay Mabilis?
2. Ano ang ginawang mabilis ng Barangay?
3. Bakit sila natatakot, nalilito at nagagalit?
4. Tama ba ang kanilang solusyon?
5. Bilang bata, ikaw paano ka sumusunod sa mga tuntunin ng inyong barangay sa panahong may pandemya?

Ang bawat barangay o pamayanan ay nangangailangan ng tuntunin. Hindi sapat ang bilis lang sa pagbibigay ng solusyon sa lahat ng problema. Kailangan din ng kaayusan sa bawat tao, lugar, at sa lahat ng pagkakataon. Ang kaayusan ay makakamit kung may mga tuntunin lalo sa panahon ng problema, kalamidad, at pandemya. Sa nararanasan ngayon, ano-anong tuntunin ang napagkasunduan ng mga namumuno para sa kaayusan ng bawat pamayanan?


Mga tuntunin sa panahon ng pandemya:

1. Ugaliin ang pagsusuot ng **face mask** at **face shield**.
2. Sundin ang **protocol** ng **social distancing**.
3. Iwasan ang matataong lugar.
4. Lumabas lamang kung may kailangang bilihin.
5. Bilihin lamang kung ano ang kailangan.

Ang pagsunod sa mga tuntunin ay nagpapakita ng mabuting pag-uugali ng mga Filipino. Panatilihin ito upang maipagpatuloy ang pakikiisa at pagmamahal sa mga kaugaliang itinuturo sa iyo. Gawain mo ito sa lahat ng tao, sa lahat ng lugar, at mga pagkakataon. Mabuhay ka bilang batang Filipino!

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sa iyong sagutang papel, isulat ang salitang **OK** kung ang larawan ay nagpapakita ng mabuting pag-uugali ng pagsunod sa mga tuntunin. Isulat mo naman ang salitang **DI-OK** kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.





**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Kopyahin ang talaan sa iyong sagutang papel. Lagyan ng tsek (✓) kung gaano mo kadalas naipakikita ang pagiging masunurin sa mga alituntunin.

Gawain	Palagi	Minsan	Hindi
1. Laging magsuot ng <b>face mask / face shield</b> .			
2. Manatili sa loob ng tahanan.			
3. Iwasang pumunta sa mga matataong lugar.			
4. Linisin ang paligid.			
5. Sundin at igalang ang mga nagpapatupad ng tuntunin katulad ng kapitan, pulis, mayor, at iba pa.			

**A**

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Mahalaga sa isang barangay o pamayanan ang kaayusan. Magkakaroon lang nito kung may mga \_\_\_\_\_ na sinusunod ng lahat. Ang pagsunod nito ay pagkakaroon din ng mabuting pag-uugali na maipagmamalaki bilang mga batang \_\_\_\_\_.

Ang mga namumuno na nagpapatupad nito ay nararapat igalang dahil ninanais nila ang isang \_\_\_\_\_ na pamayanan lalo na sa panahon ng \_\_\_\_\_. Pasalamatang sila at ang lahat ng tao na marunong \_\_\_\_\_ sa lahat ng oras.

sumunod Filipino	tuntunin	maayos	utos
		pandemya	

# Pagpapanatili ng Malinis at Ligtas na Pamayanan

## Aralin



Sa nakaraang aralin, natutuhan mo kung paano makapagpapahayag na isang tanda ng mabuting pag-uugali ng mga Filipino ang pagsunod sa mga tuntunin ng pamayanan.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang mga kaugalian na nagpapakita na kaya nating panatilihin ang isang malinis na pamayanan.

Isang mabuting gawi ng mga batang Filipino ang makiisa sa pagpapanatili ng malinis na pamayanan. Ikaw, ako, at ang lahat ay nagnanais ng malinis na kapaligiran sa loob man at labas ng mga tahanan. Pinaniniwalaan na kung ang lahat ng mga bata ay may ganitong gawi ay hindi matatakot na maglaro at gumawa kahit saanman. Ngunit paano ba mapapanatili ang kalinisan at kaligtasan ng isang pamayanan? Ano-ano ang mga dapat gawin?



Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahan na makakapagpapanatili ng malinis at ligtas na pamayanan sa pamamagitan ng paglilinis at pakikiisa sa mga gawaing pantahanan at pangkapaligiran, wastong pagtatapon ng basura, at palagiang pakilahok sa mga proyekto ng pamayanan na may kinalaman sa kapaligiran.

# D

Ilan lamang ito sa ating pag-uusapan upang patuloy nating gawin at mahalín ang mga kaugaliang Filipino na tunay ngang maipagmamalaki sa lahat ng sulok ng mundo. Halina't mag-aral at tuklasin ang iba pang mga kaugaliang Filipino. Alamin ang mga bagay na iyong ginagawa na nagpapakita ng pagpapanatili ng malinis na pamayanan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Lagyan mo ng tsek (✓) ang bawat bilang kung ang mga sumusunod na gawain ay nagpapakita ng pagiging malinis. Lagyan mo naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_ 1. Tumutulong ako sa pagwawalis.
- \_\_\_ 2. Naghuhugas ako ng aming pinagkainan.
- \_\_\_ 3. Ibinabalik at inaayos ang mga laruan pagkatapos maglaro.
- \_\_\_ 4. Inililigpit ko ang aking **modules** pagkatapos kong mag-aral.
- \_\_\_ 5. Nagdidilig ako ng halaman.
- \_\_\_ 6. Sumasali ako sa mga proyekto ng pagtatanim sa aming barangay.
- \_\_\_ 7. Iniipon ko ang mga plastik at karton na puwedeng **i-recycle**.
- \_\_\_ 8. Itinatapon ko ang mga basura sa tamang basurahan.
- \_\_\_ 9. Inaayos ko ang aking higaan araw-araw.
- \_\_\_ 10. Hindi ako nagtatapon ng basura kung saan-saan lamang.

Bilangin ang tsek na iyong nailagay. Kung mayroon kang lima (5) o higit pang tsek ay batiin mo ang iyong sarili sapagkat ito ay nagpapakita ng iyong mabuting pag-uugali sa pagpapanatili ng kalinisan sa pamayanan. Kung hindi mo naman namarkahan ng tsek ang lahat, huwag mag-alala dahil ang mga ito ay maari mong matutuhan sa araling ito.

Simulan natin sa isang usapan nina Aniya at Nina tungkol daw sa kanilang sikreto.

### Alam Mo Ba ang Sikreto?

ni Imelda O. Solivet

Aniya: Narinig mo na ba, Nina, ang usapan nila tungkol sa atin? Alam mo ba 'yun?

Nina: Oo, may sikreto daw tayong dalawa? Alam mo rin ba 'yun?

Aniya: Siyempre, pero bakit?

Nina: Nagtataka sila kasi kung bakit hindi tayo nagkakasakit. Ang mga kalaro daw natin ay nagkasipon na. 'Yung iba naman ay inubo at mayroon na ring nilagnat. Paminsan-minsan ay nanghihina daw sila. Pero tayo kailanman ay hindi pa nagkasakit.


Aniya: Oo nga, at tama ka diyan. Natutuwa si Nanay sa atin dahil kailanman ay hindi pa tayo nagkasakit.

Nina: Kaya ang sabi nila ay may sikreto tayo. Tayo daw ay may **superpower** na hindi natin sinasabi sa kanila. Pinag-uusapan nila ito ngayon kaya tara na at sabihin na natin sa kanila.

Aniya: Pero ano ang sikreto na sasabihin natin sa kanila? Wala naman tayong **superpower**.

Nina: Naku, Aniya, wala tayong sikreto at **superpower** pero si Nanay mayroon. Ituro natin sa kanila kung ano ang mga itinuro sa atin upang hindi tayo magkasakit. Natatandaan mo pa ba ang mga ito?

Aniya: Eto na, iniisip ko na. Ito ang sikretong sasabihin natin sa kanila... ang ating **super secret, superpower!**



Nina: Tama lahat ng naisip mo, Aniya. Naniniwala ako na ang totoong sikreto natin ay ang pagiging malinis sa pangagatawan at sa kapaligiran.

Aniya: Sabihin natin sa kanila na hindi ito dapat maging sikreto. Ito ay dapat alam ng lahat. Dapat malinis ang ating kapaligiran at ang ating pamayanan.

Nina: Tama!

Aniya at Nina: Kayo mga bata, alam n'yo na ba ang sikretong hindi naman sikreto?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Batay sa kuwentong iyong binasa, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sino-sino ang hindi nagkakasakit? \_\_\_\_\_
2. Ano ang kanilang sikreto? \_\_\_\_\_
3. Dapat ba itong maging sikreto? \_\_\_\_\_
4. Ano-ano ang mga dapat malaman ng mga bata para sa ikabubuti ng pamayanan? \_\_\_\_\_
5. Bakit kailangang maging malinis ang ating pamayanan?  
\_\_\_\_\_

Alam mo rin ba ang sikretong ito nina Aniya at Nina. Kung tutuusin, hindi naman talaga ito sikreto dahil ito lang naman ang isa sa mga mabubuting kaugalian ng mga batang Filipino. Alam mo ba ito?


Ito ay ang kalinisan na nagsisimula sa tahanan at dapat ganito rin sa lahat ng sulok ng pamayanan. Ang mga batang tulad mo ay tinuturuan ng mga magulang ng kabutihang-asal katulad ng kalinisan sa kapaligiran. Ito ay isang mabuting katangian na makapagpapakita ng pagmamahal sa lahat ng tao sa pamayanan. Halina't alamin mo pa ang iba't ibang paraan ng pagkakaroon ng isang malinis na pamayanan.

Alam mo ba kung paano magkaroon ng isang malinis at ligtas na pamayanan?

1. Panatilihin ang malinis ang loob at labas ng tahanan.
2. Magkaroon ng tamang gawi sa pagtapon at paghihiwalay ng mga basura.
3. Makiisa sa mga gawaing pampayanan tulad ng **Clean-up Drive**.

Alam mo ba ang tamang pagtatapon ng basura?


1. Ihiwalay ang nabubulok sa hindi nabubulok na basura. Ang tawag dito ay **waste segregation**.



2. Ihiwalay ang mga basurang maari pa muling gamitin. Ang tawag dito ay **recycling**.



3. Italing mabuti ang basura at huwag ilalabas ng bahay kung hindi pa dumarating ang trak na kumukuha ng lahat ng basura.



Alam mo ba na makatutulong ka at ang iyong pamilya sa proyekto ng barangay para sa kalinisan?

1. **Tapat ko Linis ko.** Ito ay ang pawawalis sa labas ng bahay upang mapanatili ang kalinisan sa dinadaan ng mga tao.
2. **Linisin ang Kanal at Ilog.** Ito ay ang sama-samang paglilinis ng mga kanal at ilog.
3. **Magtanim ng Puno.** Ito ay ang sama-samang pagtatanim ng mga puno sa kapaligiran lalo na sa mga kabundukan.



# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang larawan ay nagpapakita ng mabuting pag-uugali katulad ng pagpapanatili ng kalinisan sa pamayanan . Lagyan mo naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyang sagutang papel.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Isulat ang tama at nararapat mong gawin ayon sa mga tanong. Gawin ito sa iyang sagutang papel.

1. Nakita mo ang iyong kapatid na itinatapon ang basura sa labas ng inyong bahay. Ano ang sasabihin mo sa kaniya?
2. Inutusan ka ng iyong Nanay na itapon ang mga bote at karton sa basurahan. Ano ang iyong gagawin?
3. Niyaya ang iyong Ama na tumulong sa pagtanim sa parke at gilid ng mga kalsada. Hahayaan mo ba siyang sumama? Bakit?
4. Nakita mo na ang daming nakakalat sa loob ng inyong bahay. Ano ang iyong gagawin?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Kopyahin ang talaan sa iyong sagutang papel. Lagyan ng tsek (✓) kung gaano mo kadalas naipakikita ang iyong pakikiisa para sa malinis na pamayanan.

<b>Pamantayan ng Kalinisan sa Loob ng Tahanan</b>	<b>Palagi</b>	<b>Minsan</b>	<b>Hindi</b>
1. Pagma- <b>mop</b> ng sahig			
2. Pagwawalis sa loob ng bahay			
3. Pagtulong sa pagliligpit ng gamit			
<b>Pamantayan ng Kalinisan sa Labas ng Tahanan</b>			
4. Pagwawalis sa labas ng bahay			
5. Paglalagay ng basura sa tamang lugar			
6. Paghihiwalay ng bote at karton na puwedeng i- <b>recycle</b>			

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Sa gabay ng iyong magulang o **guardian** sa bahay, gumawa ng isang **slogan**, **poster**, o paanyaya tungkol sa pagpapanatili ng kalinisan sa loob at labas ng tahanan. Gawing gabay sa paggawa ang halimbawa at pamantayan sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



## MAGING MALINIS

## HUWAG MAGKALAT

Pamantayan ng <b>Slogan/Poster</b> /Paanyaya	Nasunod ang Pamantayan (Lagyan ng Tsek (✓))	
	Oo	Hindi
1. Naipahayag ang paanyaya para sa kalinisan.		
2. Naisulat nang may kaayusan.		
3. Naisagawa ito nang may sigla o saya.		



**A**

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Ako bilang batang Filipino ay may mabuting \_\_\_\_\_.



Kung magwawalis sa mga kuwarto at magliligpit,  
Hindi lang ako malinis sa aking sarili, pati na sa aking \_\_\_\_\_.

Kung magwawalis sa tapat ng bahay at itatapon ang basura  
nang tama,  
Mananatiling malinis ang aking \_\_\_\_\_.

Kung gagawin ko ang lahat ng ito nang may sigla  
Tunay ngang maipagmamalaki ko ang pagiging \_\_\_\_\_.

pamayanan	kaugalian	mamamayan
malinis	tahanan	Filipino


# Pagsunod sa mga Tuntuning Pangkaligtasan

## Aralin



Nabatid mo sa nakaraang aralin ang tungkol sa mga kaugaliang Filipino na nakapagpapanatili ng malinis at ligtas na pamayanan.

Ngayon ay pag-aralan mo ang pagsunod sa mga tuntuning pangkaligtasan. Ikaw, ako, at ang lahat ay nagnanais na maging ligtas sa loob at labas ng mga tahanan. Pinaniniwalaan na kung may ganitong ligtas na pamayanan ay walang matatakot na lumakad, maglaro, tumawid sa daan, at kung sasakay sa mga pampublikong sasakyan. Ngunit, paano mo mapapanatili ang kaligtasan? Ano-ano ang mga babala at batas trapiko na dapat mong sundin? Halina at tuklasin ang mga dapat alamin.




Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makasusunod sa mga tuntuning may kinalaman sa kaligtasan tulad ng mga babala sa daan at sa batas trapiko.

Ating aalamin ang tamang pagsakay at pagbaba sa takdang lugar. Kaya naman, inaasahan na maipamamalas mo ang pagiging masunurin sa mga itinakdang tuntunin, patakarán, at batas para sa ligtas at maayos na pamayanan. Ang pagiging masunurin ay kaugaliang maipagmamalaki natin sa iba't ibang pagkakataon.

# D


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Gamit ang lapis, subukang gawin ang larong **maze** na nasa ibaba. Sundan ang tamang daan upang malaman kung paano ka makalalabas dito. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa iyong sagutang papel.



1. Gaano mo kabilis natapos ang **maze** (mabilis, di-gaano, mabagal)? \_\_\_\_\_
2. Ilang **road signs** ang iyong nadaan sa tamang daan?  
\_\_\_\_\_
3. Nakakita ka na ba ng mga ito sa daan? \_\_\_\_\_
4. Ano-ano ang mga **road signs** ang alam mo na? \_\_\_\_\_
5. Bakit kailangang malaman natin ang mga **road signs** o babalang ito? \_\_\_\_\_

## Ang mga Batang Ligtas

Oo, kami ang mga Batang Ligtas. Tinawag namin ang aming mga sarili na Batang Ligtas dahil maingat kami sa daan at laging sumusunod sa mga babala ng batas trapiko. Gusto n'yo bang sumali at matuto? Tara na at tuturuan namin kayo!



Ako si Lucy. Lumakad lamang tayo sa tamang tawiran para sa ligtas na pamayanan. Sundin ang babalang ito.



Ako naman si Luna. Bumaba at sumakay lamang tayo sa tamang lugar para sa ligtas na pamayanan. Sundin ang babalang ito.



Ako si Tonton. Huwag papasukin ang lugar kung may ganitong babala para sa ligtas na pamayanan. Ibig sabihin, hindi ito para sa atin.



Jopet ang pangalan ko. Alamin ang babalang ito para sa ligtas na pamayanan. Pulang kulay para sa paghinto, dilaw para sa paghanda, at berde para sa pagtakbo muli ng sasakyan.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Batay sa kuwentong iyong binasa, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.


1. Sino-sino ang mga batang ligtas? \_\_\_\_\_
2. Ano-ano ang itinuro sa atin ng mga Batang Ligtas? \_\_\_\_\_
3. Bakit dapat tayong sumunod sa mga babala? \_\_\_\_\_
4. Gusto mo bang sumali sa mga Batang Ligtas? \_\_\_\_\_
5. Bakit gusto mong sumali sa kanila? \_\_\_\_\_

Alamin at pag-aralan mo ang mga babala at batas trapiko na dapat mong sundin para maging ligtas ang lahat.

1. **Maging maingat sa pagtawid.** May tamang tawiran para sa mga tao. Kung may kasamang matanda, maaari tayong kumapit sa kanila.



2. **Maging maingat sa pagbaba at pagsakay.** May tamang lugar lamang para dito. Pumila kung maaari upang maiwasan ang away at aksidente.







3. **Kung lalakad o magbibisikleta, gamitin ang lugar para dito.** Huwag gamitin ang daan para sa malalaki at mabibilis na sasakyan. Magsama ng matanda hanggang maaari.

4. **Alamin at sundin ang iba pang mga babala at batas trapiko tulad ng mga ito:**



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang larawan ay nagpapakita ng mabuting pag-uugali sa pagsunod para sa pagpapanatili ng kaligtasan ng pamayanan. Lagyan mo naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.





**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Habang nagmamaneho ang **jeepney driver** ay huminto ito dahil naging kulay pula na ang ilaw ng trapiko. Maaari pa rin ba siyang magpatuloy sa pagpapatakbo kung wala namang ibang sasakyan? Bakit?
2. Tanghali na. Kailangan nang pumasok sa trabaho ang iyong tatay pero malayo pa ang tawiran para makasakay. Kung nagmamadali siya, puwede na ba siyang tumawid kahit saan? Bakit?
3. Niyaya mo ang iyong kaibigan na magbisikleta at maglaro. Saan ninyo ito maaaring gawin?

**A**

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Ako ay batang Filipino na may mabuting kaugalian.

Kaya kong sumunod sa mga babala at \_\_\_\_\_.

Sa aking pagsunod, nakasisiguro na ako ay \_\_\_\_\_.

Kung ligtas ako, ligtas at maayos ang buong \_\_\_\_\_.

Sumunod sa lahat ng tuntunin kahit \_\_\_\_\_.

Dahil ang mahalaga ay ang aking \_\_\_\_\_.

May pulis man o wala, kailangan kong sumunod dahil ako ay \_\_\_\_\_ na may mabuting kaugalian.

kaligtasan	Filipino	saanman
ligtas	pamayanan	batas trapiko

# Pagiging Handa sa Sakuna o Kalamidad

WEEKS  
7-8

I

Aralin

Sa nakaraang aralin ay naipakita mo ang pagsunod sa mga tuntuning may kinalaman sa kaligtasan.

Ngayon naman ay pag-aaralan mo kung paano ang paghahanda sa panahon ng sakuna at kalamidad.

Maraming katangian ang maipagmamalaki ng isang batang Filipino na katulad mo. Minsan ay hindi mo ito napapansin dahil iniisip mo na pangkaraniwan lamang ang mga ito. Pero sa panahon na nakalilimot ka na at sinasabihan ka ng mga matatanda na “teka muna, anak, mukhang nakakalimutan mo nang maging handa sa oras ng sakuna at kalamidad”. Tulad ng mga larawan sa ibaba, anong paghahanda ba ang dapat gawin sa mga sitwasyong tulad ng mga ito?



Sa araling ito, inaasahan na ikaw ay makapagpapakita ng kahandaan sa oras ng sakuna at kalamidad. Kaya naman, inaasahan na maipamamalas mo ang pagiging masunurin sa mga itinakdang tuntunin, patakaran, at batas para sa ligtas na pamayanan.

# D

Alam mo ba ang mga sakuna o kalimidad na dapat pinaghandaan para magkaroon ng ligtas na pamayanan? Ano ba ang ibig sabihin ng sakuna at kalamidad? Ito ay mga pangyayari na hindi natin inaasahan na maaaring magdudulot ng pagkasira ng ating mga ari-arian at minsan ay pagkasugat, pagkakasakit, o pagkawala ng buhay. Kaya naman, dapat itong paghandaan!

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Buoin ang mga pinagpalit-palit na ayos ng mga letra na nasa loob ng kahon upang malaman ang mga sakuna at kalamidad na dapat paghandaan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- |                        |                    |          |             |
|------------------------|--------------------|----------|-------------|
| 1. GBAOY               | 2. LODNIL          | 3. SUGON | 4. PANEMDAY |
| 5. PAGESABGO NG BLUANK | 6. PAGGUOH NG APUL |          |             |


Nahulaan mo bang lahat? Magaling! Kung hindi naman ay huwag mag-alala dahil ito ay mapag-aaralan mo pa lalo na ang mga kahandaang dapat gawin bago pa dumating ang mga kalamidad na ito. Simulan natin sa kuwento.

## ***Naku, Naku, Naku Po!***

Naku, naku, naku po!

Naku, naku, naku po! Madilim na naman ang langit.

Halos hindi lumalabas ang araw, bakit kaya?



“Nanay, Nanay! May bagyo po ba?” Tanong ko kay Nanay.

“Oo, anak,” ang sagot naman niya.



Naku, naku, naku po! Paano na 'yan?

Akala ko pa naman makakapaglaro na ako. Sinagutan ko na at tinapos ang mga aralin sa **modules**.

Gusto ko nang maglaro, sayang!

“Kevin, Kevin! May bagyo ba?” ang tanong ko sa aking kaibigan.

“Oo daw, napanood ko sa **YouTube** ang paparating na **super typhoon**,” ang kuwento niya sa akin.



Naku, naku, naku po! Babaha na naman ba at masisira ang mga bahay?

Anong gagawin natin? Parang natatakot na naman ako.

Tatay, Tatay ko po! Ano pong ginagawa n'yo diyan?

Paparating na po ang bagyo, hindi po ba kayo natatakot?

Tumingin at ngumiti sa akin si Tatay at kaniyang sinabi, “Anak, nandito ako para ayusin ang ating bubong at haligi ng bahay. Papakuan at tatalian ko ang mga ito nang mabuti at mamaya pupunta ako sa tindahan para bumili ng bigas at iba pang pagkain. Bibili na rin ako

ng **flashlight**. Ang **cellphone** natin ay kailangang naka-**fully charge**, ha.”

“Opo, Tatay!” ang magalang kong sagot.

Hmmm... ayang tatay ko, hindi natatakot sa anumang bagyo. Kalmado lamang.

Naku, naku, naku po, 'Tay! Ikaw na ang **“The Best Tatay”**... laging

handa! Hindi natatakot sa anumang sakuna. Salamat po, Tatay!

Tulongan na rin po kita.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Batay sa kuwentong iyong binasa, sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Anong kalamidad ang darating?
2. Sino ang naghahanda sa pagdating ng kalamidad na ito?
3. Bakit hindi siya natatakot sa pagdating ng kalamidad?
4. Ano-anong mga paghahanda ang kaniyang ginawa para sa pagdating ng kalamidad?
5. Sa palagay mo, bakit mahalaga na naka-**fully charge** ang **cellphone** sa panahon ng kalamidad?

Isang pag-uugali na maaaring maipagmalaki ay ang kahandaan sa pagdating ng mga sakuna at kalamidad. Mahalaga rin na kahit ikaw ay bata pa ay nalalaman mo na ang mga ito upang ikaw ay makatulong rin sa iyong mga magulang. Dapat mo ring alamin ang mga tuntunin sa mga paghahanda na ibinibigay ng inyong barangay tuwing may paparating na kalamidad.

Narito ang mga sakuna at kalamidad na sumisira ng mga ari-arian, nagbibigay ng sakit, at minsan ay nagiging sanhi ng pagkawala ng buhay. Ang mga ito ay maiwasan kung may sapat at tamang paghahanda.



Bagyo



Sunog



Pagputok ng Bulkan



Baha



Lindol




Pagguho ng Lupa

### Ano-anong paghahanda ang dapat gawin?

- Makinig ng balita para sa kalagayan ng pamayanan.
- Ayusin ang bahay at gawing matibay ito sa pagdating ng sakuna.
- Manatili sa bahay at ihanda ang paglilikas kung kinakailangan.
- Ihanda ang **first aid kit**, kasama ng mga pagkain, inumin, **flashlight**, at baterya.
- Tiyaking naka-**fully charge** ang **cellphone** para sa pagtawag sa mga **emergency numbers**.
- Sumunod sa payo at tuntunin ng barangay.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Lagyan ng tsek (✓) ang bilang kung ang larawan ay nagpapakita sa paghahanda sa anumang sakuna at kalamidad. Lagyan mo naman ng ekis (✗) kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Kopyahin ang talaan sa iyong sagutang papel. Sa tulong at gabay ng iyong pamilya, lagyan ng tsek (✓) kung gaano ninyo kadalas naipakikita ang pakikiisa sa paghahanda upang maging ligtas sa panahon ng sakuna at kalamidad.

<b>Pamantayan ng Kahandaan upang Maging Ligtas sa Panahon ng Sakuna at Kalamidad</b>	<b>Palagi</b>	<b>Minsan</b>	<b>Hindi</b>
1. Nananatili sa loob ng bahay.			
2. Nag-iipon ng mga pagkain.			
3. Naghahanda ng <b>emergency kit</b> .			
4. Naghahanda ng <b>emergency numbers</b> na maaring tawagan.			
5. Naghahanda ng <b>flashlight</b> na may baterya.			
6. Inaalam ang balita mula sa radyo, TV o <b>internet</b> .			

**A**

Bilang pangwakas, masasabi mo na:

Isang mabuting pag-uugali na maipagmamalaki bilang mga Filipino ay ang kahandaan sa pagdating ng mga sakuna at \_\_\_\_\_.



Mahalaga na kahit bata ka pa lamang ay nalalaman mo ito upang ikaw rin ay \_\_\_\_\_ sa iyong mga magulang lalo na sa pagsunod ng mga \_\_\_\_\_ para sa mga paghahanda na ibinibigay ng iyong barangay.

Tunay nga na ang pagiging laging \_\_\_\_\_ ay isang katangian na maipagmamalaki nating mga \_\_\_\_\_.

Filipino	tuntunin	kalamidad
makatulong	kahandaan	handa



# Susi sa Pagwawasto

Weeks 1-2	
6. X	4.
5. ✓	3.
4. X	2. ▲
3. ✓	1. ▲
2. ✓	
1. X	
<b>Gawain sa Pagkatuto 3</b>	<b>Gawain sa Pagkatuto 6</b>

Weeks 3-4	
6. di-ok	
5. ok	
4. di-ok	
3. di-ok	
2. ok	
1. ok	
<b>Gawain sa Pagkatuto 3</b>	

Weeks 5-6	
5. ✓	
4. ✓	
3. X	
2. X	
1. X	
<b>Gawain sa Pagkatuto 3</b>	

Week 7	
5. ✓	
4. X	
3. X	
2. ✓	
1. X	
<b>Gawain sa Pagkatuto 3</b>	

Week 8	
6. LUPA PAGGUHONG	5. ✓
5. BULKAN PAGSABOG NG	4. X
4. PANDEMYA	3. ✓
3. SUNOG	2. X
2. LINDOL	1. ✓
1. BAGYO	
<b>Gawain sa Pagkatuto 1</b>	<b>Gawain sa Pagkatuto 3</b>

## Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsasagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

### Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.

## **Sanggunian**

---

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Department of Education. (2015). *Edukasyon sa Pagpapakatao Ikatlong Baitang (Kagamitan ng mag-aaral)*. Unang Edisyon. Pasig City: Department of Education Instructional Materials Council Secretariat (DepEd IMCS).

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

